**Ryan Park**
Ministrong Pangkalusugan
Ministrong Pangrehiyonal na Kalusugan
Ministro para sa Illawarra & sa South Coast

NSW GOVERNMENT

# Pahayag sa Media

## Bagong kampanya sa pagpapataas ng kamalayan tungkol sa sepsis

Filipino

**Miyerkules, ika-10 ng Abril 2024**

Isang bagong kampanya ay naghihikayat sa mga tao na itanong sa mga nagtatrabaho para sa kalusugan, 'Ito ba ay sepsis?' Kung sila o isang mahal sa buhay ay nagpapakita ng mga palatandaan at sintomas ng maaaring ikamamatay na kondisyon na siyang nangyayari kung ang katawan ay may matinding reaksyon sa isang impeksyon.

Sinabi ng Ministrong Pangkalusugan na si Ryan Park na ang sepsis ay napakamapanganib kaya mahalagang kumilos tayo kaagad.

"Lahat ay maaaring maaapektuhan ng sepsis at gusto ko na ang mga tao ay magpatulong kaagad ng walang pag-aatubili kung sila, o ang kanilang minamahal, ay lubhang masama ang pakiramdam, kahit na kapapatingin lamang sila ng isang doktor o ibang propesyonal sa medisina," sinabi ni G. Park.

"Sa Australya, may di-kukulangin sa 55,000 katao ang nagkakaroon ng sepsis bawat taon at mahigit sa 8,000 sa mga ito ay namamatay mula sa mga komplikasyon na kaugnay ng sepsis.

"Kaya mahalaga na ang mga tao ay hindi matakot at lumakas ang loob na magtanong, 'Ito ba ay sepsis?' dahil ang maagang paggamot ay nakakasalba ng buhay," sinabi niya.

Ang Paediatric Specialist na si Dr Matthew O'Meara ay nagsabi na ang isang taong may sepsis ay kadalasang nag-uulat ng pagkakaramdam nang pinakamasamang pagkakasakit na naranasan nila.

"Gusto namin na bigyan ng mga tao ng lubusang atensyon ang mga sintomas, at humingi ng kagyat na pagkaalagang medikal kung mas lalala ang sintomas," sinabi ni Dr O'Meara.

"Maaaring iilan lamang ang sintomas ng sepsis na nasa iyo, at maaaring banayad ang mga palatandaan.

"Hinihikayat namin ang mga tao na maniwala sa kanilang mga pakikiramdam, lalo na ang mga magulang dahil sila ang mga eksperto sa pag-uugali ng kanilang anak."

Sinabi ni Dr O'Meara na ang sepsis ay maaaring sanhi ng anumang uri ng impeksyon, kasama na ang mula sa bakterya, virus at fungi, at ang mga impeksyong ito ay maaaring nasa kahit saang bahagi ng katawan.

Maraming mga posibleng mga palatandaan at sintomas ng sepsis, at kasama rito ang madaling pagkakasakit, kahirapan sa paghinga, pagkatuliro, isang pantal o kulay asul, kulay-abo, maputla o batik-batik na kutis. Kasama sa mga sintomas na titingnan sa mga musmos na bata na maaaring magpapakita ng malalang pagkakasakit ay ang pagiging hindi nag-iimik o madalas na inaantok o kahirapang magising, bugnutin, mataas ang tunog ng pag-iyak, ayaw kumain, mas kaunti ang pag-ihi, malamig na paa't kamay at kahirapan sa paghinga.

Kung ikaw o ang taong inaalagaan mo ay talagang masama ang pakiramdam, tumawag sa 000 o magtungo sa iyong lokal na Emergency Department. Kung kayo ay nag-aalala tungkol sa iyong kalusugan o ang kalusugan ng iyong anak, tawagan ang iyong GP o ang Healthdirect sa 1800 022 222.

May karagdagang impormasyon na makukuha sa mga network website ng NSW Health at ang Sydney Children's Hospital–signs of serious illness in children.

**MEDIA: Daryl Tan | Ministro Park | 0422 028 222**